

Gabay ng Kaalaman, Tungo sa Kamalayan

Mark Darrel P. Parayno
Faculty, College of Arts and Education
Pangasinan State University-Urdaneta Campus
Urdaneta City, Pangasinan

Ang guro, tanyag sa kakayahang magturo,
Buklod ng kaalaman, gabay ng kamalayan,
Sa likha ng mga kaalaman at pag-usbong ng karunungan,
Lantay na nagsisilbing ilaw ng kaalaman.

Sa bawat pagbubukas ng silid-aralan,
Lumulutang ang sigla't kagalakan,
Sa mga puso ng mga kabataan,
Na inaasahang magtataglay ng tagumpay sa buhay.

Mga katha't gawa, mga tula at liham,
Kayang isagawa ng kanyang mga kamay,
Bukod pa ang kakayahang maghasik ng kaisipan,
Upang malinaw na mailahad ang mga aral na kailangan.

At kahit sa mga pagsubok, at hirap ng buhay,
Siya ay nagpapatuloy na maging tulay,
Upang sa bawat kabataan na kanyang natutulungan,
Ay nasa tamang landas, patungo sa tagumpay.

Kaya't kung sakaling meron mang tanong o suliranin,
Laging handang tumugon ang guro sa pagsasalin,
Ng kaalaman, ng tibay ng loob, at kahusayan,
Upang malampasan ng bawat isa ang hamon ng buhay.

Tunay na kahanga-hanga ang propesyong ito,
Na walang pagod na nagtuturo ng mga bagay na bago,
At sa bawat tagumpay ng bawat mag-aaral,
Ay siya'y nagbubunyag ng kanyang kahusayan.

Sariwain ang alaala,
Ng bawat guro na nagbigay ng pag-asa,
Sa mga kabataan at sa bayang sinta,
Tunay silang kahanga-hanga.

Kaya't buong puso kong tangan ang mga aral,
Na sa kanyang mga kamay ay nagsimula,
Sa daan ng kaalaman at tagumpay sa buhay,
Ito ay tungo sa buong pagkakaisa ng bawat isa.